# CATCH-UP FRIDAYS, GAWING KAPANA-PANABIK!

*by:*
**IMEE B. ROMERO**
*Teacher I, Magsaysay National High School*

Kaalaman ay palawakin, pagbabasa ay ugaliin tiyak na mundo'y iyong mararating!

Ang pagbabasa ay mahalaga sa buhay ng bawat tao, ito ay nagsisilbing gabay, kasangkapan sa pang-araw-araw na buhay at pamumuhay. Ito ay isa sa kasanayan na kailangan natin para mabuhay at magawa ang mga dapat natin gawin sapagkat ito ang susi sa pagtuklas natin ng karunungan at kaalaman. Ito ay bahagi ng ating komunikasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Gaano nga ba kahalaga ang pagbabasa sa mag-aaral at sa panahon ngayon paano natin sila hihikayatin na magbasa at gawing kawili-wili ang pagbabasa? Alam natin na ito ay isa sa kasanayan na dapat unang matutunan ng mga mag-aaral, dahil kung hirap silang bumasa mahihirapan silang unawain ang mga aralin.

Naniniwala ang Department of Education (DepEd) na sa pamamagitan ng pagbabasa, mapapabuti ng mga mag-aaral ang kanilang academic performance. Ang mga mag-aaral na mahusay magbasa ay mas mahusay na gumaganap sa lahat ng mga paksa, kabilang ang matematika, agham, araling panlipunan, at Ingles at Panitikan. Mauunawaan nilang mabuti ang kanilang mga aklat-aralin, kumpletuhin ang kanilang mga takdang-aralin, at sasagutin ang iba't ibang mga tanong sa pagsusulit kapag sila ay mahusay na mambabasa.

Nauunawaan ng Kagawaran ng Edukasyon na ang mga paaralan ay may mahalagang papel sa pagtataguyod ng pagbabasa. Responsibilidad ng mga guro na

hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng access sa iba't ibang mga materyales sa pagbabasa tulad ng mga magasin, pahayagan, libro, at iba pang kasiya-siya at nakakaengganyo na mga mapagkukunan sa pagbabasa. Lumilikha din ang mga guro ng kapaligiran sa silid-aralan na sumusuporta sa pagbabasa at nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na basahin at talakayin ang kanilang nabasa.

Maaari din makatulong sa mga mag-aaral ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya at maging ang social media para maging kawili-wili ang pagbabasa tulad ng mga sumusunod:

Read Karaoke Challenge- kung saan pupunan ng mga mag-aaral ang mga patlang na linya sa awitin

Gamit ang Pera o bayong style- magbibigay ang guro ng salita at pipila ang mga mag-aaral kung alin ang tamang spelling ng salita

Basic Sight Bingo- babasahin ng guro ang salita at hahanapin ng mga mag-aaral ito sa isang card

Beat the Clock game- ang mga mag-aaral ay magpapaligsahan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa

Spin the Wheel and Read- gamit ang spin the wheel na ginawa ng guro ang sinomang matapatan nito ay magbabasa ng pangungusap at ipapaliwanag ang binasa.

Ang Catch-up Fridays ay isang napapanahong programa ng DepEd. Malaking tulong ito para sa mga nahihirapang mambabasa na mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa pagbabasa at pag-unawa, na humahantong sa tagumpay sa kanilang pagganap sa akademiko.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Hikayatin natin ang mga kabataan na mahalin ang pagbabasa upang umunlad ang ating bansa.

*References:*

https://pia.gov.ph/features/2024/02/02/catch-up-fridays-motivates-teachers-to-find-ways-to-help-students-cope-with-lessons
https://www.facebook.com/rosiyeltv

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan